



PATNUBAY SA MISA



14 Nobyembre 2021

Ika-33 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon B

Nananabik sa Pagbabalik ng Panginoon

Ngayong ika-33 Linggo sa Karaniwang Panahon, ipinaaalaala sa atin ng ating mga pagbasa ang mahalagang katotohanan ng ating pananampalatayang Kristiyano: ang maluwalhat-ing pagbabalik ni Kristo upang tipunin ang kanyang mga hinirang at ibahagi sa kanila ang kanyang kaluwalhatianang walang hanggan. Ngayo'y tinitiyak sa atin ng Salita ng Diyos na sa Araw ng Paghuhukom, makapangyayari ang ganap na katarungan: ang mabubuti ay babangon upang makasama ni Hesus sa kaligayahan magpakailanman; ang masa-sama ay tatanggap ng bunga ng kanilang pagtanggap sa panawagan ng Diyos para sa kanilang pagbabalik-loob.

Ang ganyang mensahe ay nagdudulot ng pag-asa sa waring di nakalalaspang ng nauukol sa kanila sa buhay na ito. Ito rin ay isang panawagan sa mga nabubuhay sa pagkakasala upang magbalik-loob na sa Panginoon sa lalong madaling panahon, pagkat walang nakaalam kung kailan sasapit ang katapusan. Idulog natin sa Eukaristiyang ito ang mga kahilingang pagpupunyagi ng mga matuwid at ang pagbabalik-loob ng mga makasalanan.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sinabi ng Poong banal, pag-asa't kapayapaan ang nais kong inyong kamtan. Kayo'y aking pakikilingan at bibigyang-kalayaan.

Pagbati

P—Ang ating Panginoon ay darating upang maghatid ng katarungan sa mundo. Ang Kanyang pagpapala at kapayapaan ay sumainyong lahat!

B—At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P—Sa paghahanda nating makatagpo ang Panginoon sa Eukaristiyang ito, saglit tayong manahimik at alalahanin ang ating pagiging di karapat-dapat at ang pangangailangan nating mapap-

tawad sa ating mga kasalanan. (Manahimik saglit.)

P—Panginoong Hesus, magpakailanmang naluluklok ka sa kanan ng Ama. Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Panginoong Hesus, maluwalhati kang darating upang hatulan ang lahat ng tao. Kristo, kaawaan mo kami!

B—Kristo, kaawaan mo kami!

P—Panginoong Hesus, maparam ang langit at lupa, ngunit ang wika mo kailanma'y di maglalaho. Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen!

Papuri

B—Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinaralang ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakilang mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

This issue of *Patnubay sa Misa* may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word & Life Publications." Our Savings Account is BPI - # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and email address for proper acknowledgment. Thank You!

Panalanging Pambungad

P –Ama naming makapangyarihan, ipagkaloob mong lagi naming ikaligayang ikaw ay paglingkuran, sapagkat walang maliw at walang kahulilip ang kasiyahan kapag sumasamba kami sa iyong kapangyarihang nagpapairal sa tanang sanlibutan, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B** –Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Dan 12:1-3

Ang kasaysayan ng sangkatauhan ay tuwinang tinatampukan ng sunud-sunod na labanan ng mga nagsisikap na maging tapat sa Panginoon at ng mga puwersa ng kasamaan. Tinitiyak ng sipi ngayong buhat sa Aklat ni Daniel na ang mabuti at marunong ay papupurihan, salamat sa tulong ng Diyos, na sinasagisag ng anghel na si Miguel.

L –Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Daniel

Sa pagkakataong yaon, darating si Miguel, ang makapangyarihang bantay ng bansang Israel, at magkakaroon ng matinding kahirapang hindi pa nangyayari kailanman. Ngunit maliligtas ang mga kababayan mong ang pangalan ay nakasulat sa aklat ng Diyos.

Mabubuhay ang marami sa mga namatay sa lahat ng panig ng daigdig; ang iba'y sa buhay na walang hanggan, at ang iba'y sa kaparusahang walang hanggan. At yaong may pagkaunawa at umakay sa marami tungo sa kabutihan ay magniningning na parang tala sa kalangitan magpakailanman.


Ang Salita ng Diyos!

B –Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 15

B –*D'yos ko, ang aking dalangi'y ako'y iyong tangkilikin!*

R. M. Velez



* **Ikaw lamang, Panginoon, ang lahat sa aking buhay, ako'y iyong tinutugon sa lahat kong kailangan; ang biyayang kaloob mo ay kahanghangang tunay. Nababatid ko na ika'y kasama ko oras-oras, sa piling mo kailanma'y hindi ako matitinag. B.**

* **Kaya't ako'y nagdiriwang, ang diwa ko'y nagagalak, ang lagi kong nadarama'y hindi ako matitinag. Pagkat di mo tutulutang ang mahal mo ay malagak, sa balon ng mga patay upang doon ay maagnas. B.**

* **Ituturo mo ang landas na buhay ang hahantungan, sa piling mo'y madarama ang lubos na kagalakan; ang tulong mo'y nagdudulot ng ligayang walang hanggan. B.**

Ikalawang Pagbasa Heb 10:11-

14.18

Sa patuloy niyang paghahambing sa mga saserdoteng Judio at ni Hesus, binibigyang-diin ng may-akda ng Liham sa mga Hebreo ang panginibabaw at higit na kadakilaan ng sakripisyo ni Kristo. Sa ganang sarili, sapat na itong magligtas sa lahat ng tao.

L – Pagpapahayag mula sa Sulat sa mga Hebreo

Bawat saserdote ay nakatayong naglilingkod araw-araw at naghahandog ng iyon at iyon ding mga hain, subalit hindi makapapawi ng kasalanan ang mga haing iyon. Ngunit si Kristo ay minsan lamang naghandog dahil sa mga kasalanan, at iyo'y sapat na. Pagkatapos, lumuklok siya sa kanan ng Diyos. At naghihintay siya roon hanggang sa lubusang pasukuin sa kanya ng Diyos ang kanyang mga kaaway. Samakatwid, sa pamamagitan ng isa lamang paghahandog ay kanyang pinapaging-banal magpakailanman ang mga nilinis niya.

Sapagkat ipinatawad na ang mga kasalanan, hindi na kailangan pang maghandog dahil sa kasalanan.

Ang Salita ng Diyos!

B –Salamat sa Diyos!

Aleluya

B –Aleluya! Aleluya!

Manalanging walang humpay samantalang hinihintay si Hesus na Poong mahal.

Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mc 13:24-32

Habang palapit na ang pagtatapos ng misyon ni Hesus, tinukoy ni Hesus ang katapusan ng Jerusalem at ng mundo sa mga pananalitang apokaliptiko. Sa sipi ngayon, tinitiyak niya sa kanyang mga disipulo ang pangwakas na pagtatagumpay ng mabuti habang binibigyang-diin din ang patuloy na pagmamasid at kahandaan.

P –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

B –Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad: “Sa mga araw na iyon, pagkatapos ng mga napakalaking kapighatian, magdidilim ang araw, hindi magliliwanag ang buwan, malalaglag mula sa langit ang mga bituin, at mayayanig ang mga kapangyarihan sa kalawakan.

At makikita ang Anak ng Tao na nasa alapaap, dumarating na may dakilang kapangyarihan at malaking karangalan. Susuguin niya ang kanyang mga anghel sa apat na panig ng daigdig at titipunin nila ang mga hinirang ng Diyos, mula sa lahat ng dako.

Unawain ninyo ang aral mula sa puno ng igos: kapag sumisipot na ang mga dahon sa sanga nito, alam ninyong malapit na ang tag-araw. Gayon din naman, kapag nakita ninyong nangyayari na ang mga bagay na ito, malalaman ninyong malapit na ang panahon ng pagparito niya – nagsisimula na. Tandaan ninyo: magaganap ang mga bagay na ito bago mamatay ang mga taong nabubuhay sa ngayon.

Mawawala ang langit at ang lupa, ngunit ang mga salita ko'y hindi magkakabula. Ngunit walang nakaaalam ng araw o oras ng pagsapit niyon, kahit ang mga anghel sa langit o ang Anak man – ang Ama lamang ang nakaaalam nito.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B –Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B –Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P–Ipinaaaalaala sa atin ngayon ng ating pananampalatayang tayo’y papalapit na sa “bagong langit at bagong mundo” na pagpapasiyahan ng ating asal sa buhay na ito. Sa harap ng ating mga pagkukulang, idalangin natin sa Panginoon ang kailangan nating tulong para tayo maging lalong tapat. Manalangin tayo:

B–Mahabaging Panginoon, dinggin Mo kami!

* Para sa buong pamayanan ng mga mananampalataya at mga namumuno rito: Nawa patuloy silang maging saksi sa tagumpay ng kabutihan laban sa kasamaan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating mga pinunong pulitikal at pambayan: Nawa ay huwag nilang kalimutan na dapat nilang panagutan ang anumang sama na kanilang ginawa at ang mabuting di nila nagawa. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga labis na nahuhumaling sa interes na materiyal: Nawa kailanma’y huwag nilang makaligtaan ang mga katunayang naghihintay sa lahat ng tao sa wakas ng panahon. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga pinanghihinaan ng loob dahil sa marami nilang pagkabigo sa kanilang buhay at sa kasaysayan: Nawa makahango

silang ginawa at inspirasyon sa katiyakan ng matagumpay na pagbabalik ni Kristo. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga kapwa nating nasa bingit ng kamatayan: Nawa salubungin nila ang Panginoon nang may matatag na pag-asa sa Kanyang mahabaging pag-ibig at sa tulong ng ating pamamagitan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating lahat at sa ating mga mahal sa buhay: Nawa huwag tayong mabahala sa mga bali-balita tungkol sa nalalapit na katapusan ng mundo, bagkus maging handa sa pagsalubong sa Panginoon sa pamamagitan ng pamumuhay na tapat sa Kanya. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (Tumigil saglit.)

Manalangin tayo! **B.**

P–Panginoong Diyos, darating ang Iyong Anak na si Hesus upang hatulan ang mga nabubuhay at mga yumao. Itulot Mong mabuhay kami sa Iyong pagpapala ngayon, upang sa Araw ng Paghuhukom, mapatuloy kami para mabuhay sa Iyong presensiya magpakailanman.

B–Amen!



P–Manalangin kayo . . .

B–Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P–Ama naming Lumikha, ipagkaloob mo ang iyong masintahing pagtingin sa aming mga alay upang ang kagandahang-loob mo ay aming makamtan at ang bunga ng walang hanggang pag-iral ay aming mapakinabangan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

Prepasyo VI

P–Ama naming makapangya-

rihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Nasa iyo ang aming buhay, pagkilos at pag-iral. Sa pamumuhay namin araw-araw tinatamasa namin ang iyong pagmamahal. Sa pag-ibig mong ipinunla sa sangkatauhan ang Espiritu Santo’y unang aning bigay ng Anak mong naglagak sa amin ng katiyakang nakalaang mabuhay kami sa piling mo kailanman.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B–Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B–Aming ipinahahayag na namatay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B–Ama namin . . .

P–Hinihiling namin . . .

B–Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B–Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinaabang

P–Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B–Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sa sarili’y hangarin ko sa piling ng D’yos madako at panatag ngang totoo ang aking pag-asang ito na siya’y di maglililo.

Panalangin Pagkapakinabang

P –Ama naming mapagmahal, sa pinagsaluhan naming banal na pakikinabang ang amin nawang pag-ibig ay lalong madagdagan ng ginawa namin sa pag-alala sa Anak mong mahal na nag-utos ipagdiwang ang Huling Hapunan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

PAGWAWAKAS



P –Sumainyo ang Panginoon.

B –At sumaiyo rin!

P –Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik saglit.*)

Pagkalooban nawa kayo ng Diyos ng lahat ng kaaliwan ng kapayapaan at biyaya sa inyong buong buhay.

B – Amen!

P –Iligtas Niya nawa kayo sa lahat ng alalahanin at tibayan ang inyong mga puso sa Kanyang pag-ibig.

B – Amen!

P –Pagkalooban Niya nawa kayo ng pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, upang anumang gawin ninyo sa buhay na ito ay magdulot sa inyo ng walang hanggang kaligayahan.

B – Amen!

P –Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B – Amen!

P –Humayo kayo sa kapayapaan upang ibigin at paglingkuran ang Panginoon.

B – Salamat sa Diyos!



Word & Life Publications

Paghahanda sa Pagsalubong sa “Anak ng Tao” at Panginoon ng Lahat

Mga bali-balita tungkol sa nalalapit na “katapusan ng mundo” ay paulit-ulit, lalo na ngayong ang tao ay nakapaghanda na ng marami’t sari-saring mapamuksang sandata.

Para sa iba, ang katapusan ng mundo ay ang di maiiwasang bunga ng patuloy na polusyon at ng walang habas na pagsasamantala at pang-aabuso sa mga likas na yaman.

Sa gayon, ang “katapusan” ay bunga ng biglaan o unti-unting kagagawan ng tao nang walang anumang “sangkap pangkaligtasan.” Sa ano’t anuman, **hindi kasali si Kristo, at wala rin ang mga katunayan ng paghuhukom at panghabang panahong gantimpala o kaparusahan.**

Ang katapusan ng mundo nang wala si Kristo ay hindi alinsunod sa ating pananampalatayang Katoliko. Hindi ito alinsunod sa plano ng Diyos. Salamat sa banal na pagpapahayag, may higit tayong kaalaman tungkol sa “katapusan” kaysa ipinahahayag ng agham o pesimismo ng tao. Batid nating ang tunay na mahalaga ay ito: **si Kristo, ang “Anak ng Tao,” ay tiyak na darating nang buong kapangyarihan at kaluwalhatian upang maghukom sa sangkatauhan at “titipunin ang kanyang mga hinirang buhat sa lahat ng panig ng lupa at langit.”** (*Sangguniin ang Ebanghelyo ngayon.*)

Ang mapanglaw na pagkamausisa ng mga tao ay malimit na nakatuon sa paglalarawan ng paninira, paghihirap, at katatakutan. Sa katotohanan, **walang sinumang nakaaalam kung paanong magtatapos ang lahat, ni kailan ito magaganap.** Ito ay isang lihim na tanging ang Diyos Ama lamang ang nakaaalam. (*Sangguniin ang katapusan ng Ebanghelyo ngayon.*)

Ang mahalaga para sa atin (at para sa lahat ng tao) ay **maging laging handa para sa gayong “araw ng pagtutuos.”** Sa pag-iisip sa gayong katapusan, dapat tayong mapuspos ng masiglang kapasiyahang maghanda para sa pagdating ng Panginoon, at hindi ng nakapanlumong takot.

At ang ganitong paghahanda ay wala sa pagtatayo ng mga ligtas na tanggulan sa ilalim ng lupa, ni sa pagpapailanlang sa kalawakan, malayo sa malaking sunog dito sa lupa. Di lamang ito walang pananampalatayang pana-naw sa katapusan, kundi isa itong hamak at pambatang pagtatangkang makaiwas sa tiyak na magaganap.

Maghanda tayo para sa katapusan sa pamamagitan ng paggawa ng mabuti hangga’t maaari, nang dahil sa pag-ibig kay Kristo at sa ating kapwa at sa lalong maraming tao, sapagkat si Kristong hukom ay narito na sa bawat taong nangangailangan ng ating tulong. (*Sangguniin Mt 25:35-36.40-45.*)

Kung ganito ang gagawin nating paghahanda ngayon para sa “katapusan,” hindi lamang tayo hindi matatakot, kundi tunay pa nga natin itong pananabikan para masalubong ang Anak ng Tao at makita siya nang harapan, at di lamang sa anyo ng ating kapwa. **Iyon ang magiging araw ng “salubungan” – sasalubungin natin siya bilang ating Tagapagligtas, at sasalubungi’t patutuluyin niya tayo bilang mga kapatid sa kanyang kaharian.**



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5241; 8475-8945 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, J. Domingo, M. Vibiesca, V. David, R. Molomog, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: J. Feliciano • Circulation: R. Saldua